| FY2025 | Reserbang Iskolarsip (Pautang na Iskolarsip) na Gabay sa Aplikasyon |
|---|---|


**Pampublikong Interes na Inkorporadong Pundasyon**

**Oosakafu Ikueikai**

6-20 Amijima-cho, Miyakojima-ku, Osaka 534-0026
Osaka Shigaku Kaikan 2F
Oras ng Opis 9:00 n.u. - 5:30 n.g. sa araw ng mga linggo

| Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan | |
|---|---|
| Dibisyon sa Pautang na Iskolarsip | |
| TEL | 06 - 6357 - 6272 |
| FAX | 06 - 6358 - 3053 |

**Mangyaring bisitahin ang aming website ➤➤** Oosakafu Ikueikai

**(Tandaan) Pakisuyong tiyakin na idayal ang tamang numero ng telepono.**


## 1 Balangkas ng Programa

Ang programang ito ay denesinyo para magkaroon ng reserbang pautang na iskolarsip para sa mga estudyanteng nais mag-aral ng hayskul o anumang institusyon na may malakas na akademikong pagnanais ngunit napapaharap sa kahirapan sa pinansyal para ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.
Ang Iskolarsip mula sa Oosakafu Ikueikai (Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka) ay walang interes.

## 2 Mga Uri ng Iskolarsip

- Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip
  Ang pagpapatala ng karagdagang pautang na iskolarsip ay ibibigay bago magpatala sa hayskul o mga katulad na institusyon (hindi kasama ang huling termino sa paaralan ng sekundaryong edukasyon). Ito ay sinadya para mabayaran ang mga kinakailangang gastusin sa pagpasok.
- Pautang na Iskolarsip
  Ang Pautang na Iskolarsip ay ibibigay habang nag-aaral para mabayaran ang matrikula at iba pang gastusin para sa edukasyon at hayskul o mga katulad na mga institusyon.

****Ang aplikasyon ng Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip ay tinatanggap lamang sa kasalukuyang panahon ng aplikasyon.****
**Ang mga may pinansyal na alalahanin tungkol sa pagtuloy sa hayskul o mga katulad na institusyon ay mahigpit na hinihikayat na mag-aplay sa panahong ito. (Ang mga aplikante ay maaaring mag-withdraw anumang oras kung ang pautang ay kailangang baguhin pagkatapos ng aplikasyon.)**

## 3 Mga Kuwalipikasyon ng Aplikante

1. Ang aplikante ay dapat na estudyante na naglalayong magpatala sa alinman sa mga sumusunod na paaralan sa Abril 2025, alinsunod sa Batas sa Edukasyon ng Paaralan.
   (1) Mga haiskul (kasama ang huling termino sa paaralan ng sekundaryong edukasyon at ang seksyon ng hayskul na mga paaralang may espesyal na pangangailangan) at mga kolehiyo ng teknolohiya
   (2) Mataas na sekundaryong kurso at sa mga paaralang may espesyal na pagsasanay (gayunpaman, para lamang ito sa mga kursong may pinakamababang panahon ng pag-aaral na isang taon)
   Tandaan) Ang mga estudyanteng nasa kanilang huling termino sa paaralan ng sekundaryong edukasyon ay hindi karapat-dapat para sa Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip.
2. Ang tagapag-alaga ng aplikante (tulad ng tatay o nanay) ay dapat manirahan sa loob ng Prepektura ng Osaka
   Ang terminong "tagapag-alaga" ay tumutukoy sa taong nagpapakita ng awtoridad ng magulang o nagsisilbing legal na tagapag-alaga para sa isang menor de edad, ayon sa Kowd ng Sibil. Kung walang tagapag-alaga, ang termino ay nalalapat sa taong sumusuporta sa pangkabuhayan ng estudyante na naghahanap ng mas mataas na edukasyon at responsible para sa kanilang mga gastusin sa edukasyon.
   Ang mga dayuhang tagapag-alaga ng mga estudyante ay dapat magkaroon ng mga sumusunod na katayuan sa paninirahan para sa kanilang aplikasyon.

   ［Katayuan ng Residente］
   - Permanenteng Residente
   - Asawa ng Mamamayang Hapones, atbp.
   - Asawa ng permanenteng Residente, atbp.
   - Pangmatagalang Residente (*)

   (*) Ang mga pangmatagalang residente ay hindi karapat-dapat na mag-aplay maliban kung nilayon nilang manirahan nang permanente sa Japan sa hinaharap.

3. Para sa mga tagapag-alaga (tulad ng tatay o nanay), ang halaga ng pagtataya ng kita na kinalkula gamit ang sumusunod na pormula ay dapat matugunan ang tinukoy na pamantayan:
(*Ang pinagsamang halaga ng kita ng tagapag-alaga batay sa 2024 Pamahayang buwis batay sa halaga)
[Pormula]

Halaga ng batayan ng buwis sa kita ng munisipyo × 6% - Pagbawas sa pagsasaayos ng buwis sa kita ng munisipyo (*) = Halaga ng Pagtataya ng Kita

(*) Kung ang tagapag-alaga ay nagbabayad ng buwis ng munisipyo sa isang lungsod na itinalaga ng pamahalaan, ang halaga ng pagbabawas sa pagsasaayos ay pararamihin ng 3/4.

(* Sumangguni sa likod ng Papel A ng Aplikasyon para sa instruksyon sa pagkumpirma sa halaga ng batayan ng buwis at sa halaga ng pagsasaayos sa bawas.)

| Uri | Hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante | Halaga ng Pagtataya ng Kita | Taunang Pamantayan ng kita(*) |
|---|---|---|---|
| Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip | Publiko/Pribado | Mas mababa sa ¥251,100 | Mas mababa sa ¥8,000,000 |
| Pautang na Iskolarsip | Publiko | Mas mababa sa ¥251,100 | Mas mababa sa ¥8,000,000 |
| | Pribado | Mas mababa sa ¥347,100 | Mas mababa sa ¥10,000,000 |

(*) Ang taunang pamantayan ng kita ay tumutukoy sa sitwasyon kung alinman sa mga tagapag-alaga ay nagtatrabaho, at ang pamilya ay binubuo ng apat na miyembro, kabilang ang dalawang bata (isang may edad na 16 hanggang wala pang 19 at isa na wala pa sa 16 taong gulang).

*1. Para sa mga nasa ilalim ng mga kategoryang tinukoy sa Artikulo 295, Parapo 1 ng Batas sa Buwis ng Lokal o sa mga hindi maaaring sumailalim sa buwis ng munisipyo sa kita ayon sa Parapo 4 Artikulo 3-3 ng mga Karagdagang Probisyon ng parehong Batas, ang halagang kinalkula batay sa pormula ay itinuturing na sero.

*2. Ang halaga ng batayan ng buwis ay tumutukoy sa halagang ginamit bilang batayan para sa pagkalkula ng bahagi ng buwis sa munisipyo at prepektural na mga buwis.

*3. Ang Pagbawas sa Pagsasaayos ay tumutukoy sa pagbawas na ginawa upang ayusin ang pasanin na nagmumula sa pagkakaiba sa pagitan ng indibidwal na buwis sa munisipyo at mga personal na pagbawas dahil sa paglilipat ng kita ng buwis mula sa pambansang pamahalaan tungo sa mga lokal na pamahalaan noong 2007.

*4. Ang halaga ng batayan ng buwis at iba pang impormasyon ay maaari ding suriin sa pamamagitan ng online sa serbisyong Mynaportal na pinamamahalaan ng gobyerno.

## 4 Limitasyon ng Pautang

- Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip (Piliin ang nais na halaga sa loob ng sumusunod na hanay, sa mga yunit ng 10,000 yen)

| Hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante | Limitasyon ng Utang | (Korespondensiyang kurso) |
|---|---|---|
| Publiko | ¥100,000 | (¥100,000) |
| Pribado | ¥370,000 | (¥270,000) |
| Pribado (Walang mga gastos na nauugnay sa ICT) | ¥300,000 | (¥200,000) |

*Para sa mga pribadong paaralan, ang limitasyon ng utang ay nag-iiba depende sa kung sakop ang mga gastos na nauugnay sa ICT katulad ng mga tablet.

- Iskolarsip na Pautang (Piliin ang nais na halaga sa loob ng sumusunod na hanay; kung ang hinihiling ay mas mababa sa pinakamataas na limitasyon, ang utang na ibibigay ay sa karagdagan ng 10,000 yen)

| Hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante | Halaga ng Pagtataya ng Kita | Taunang Pamantayan ng kita | Limitasyon ng Utang (taunang halaga) |
|---|---|---|---|
| Publiko<br>Pribado | Mas mababa sa ¥251,100 | Mas mababa sa ¥8,000,000 | Aktwal na matrikulang sasagutin (*1) + 100,000 yen para sa iba pang gastusin sa edukasyon<br>(Ang limitasyon ay 100,000 yen kung ang aktwal na matrikulang sasagutin (*1) ay sero.) |
| Pribado | ¥251,100 o higit<br>Mas mababa sa ¥347,100 | ¥8,000,000 o higit<br>Mas mababa sa ¥10,000,000 | Aktwal na matrikulang sasagutin (*1)<br>(Paalala) Hanggang 240,000 yen (*2) |

(*1) Ang aktwal na matrikulang sasagutin ay nakasangguni sa pasanin matapos ibawas ang tulong pinansyal ng gobyerno para sa pagpasok sa paaralan, Ang Suportang Pagbawas sa Matrikula ng Prepektura ng Osaka, at anumang mga pagbawas o pagbubukod sa matrikula na partikular sa paaralan mula sa taunang halaga ng matrikula para sa bawat paaralan.

(*2) Kung ang aktwal na matrikulang sasagutin ay mas mababa sa 240,000 yen, ang halagang iyan ang magiging pinakamataas na limitasyon.
Para sa isang sambahayan na sumusuporta sa dalawa o higit pang mga bata, kabilang ang isang estudyanteng nag-aaral sa pribadong paaralan sa prepektura, at mayroong halaga ng pagtataya ng kita (pinagsama na mga tagapag-alaga) na 251,100 yen o higit pa, ang limitasyon ng utang ay mag-iiba, o ang aplikante ay maaaring hindi maging karapat-dapat para sa pag-utang kung ang estudyante ay nakakatanggap ng Suportang Pagbawas sa Matrikula ng Prepektura ng Osaka. (Para sa karagdagang mga detalye, tingnan ang [Apendise])

(Paalala) Maaaring magkaroon ng kaso kung saan ang estudyante ay nakatala sa isang paaralan na nagtataguyod ng suporta para sa mga estudyanteng nasa pribadong paaralan sa Prepektura ng Osaka. Sa kasong iyon, ang halaga ng utang ay kakalkulahin base sa isang nakadependeng bata hanggang sa makumpirma ang bilang ng naka-dependeng mga bata sa pagsusuri sa katayuan sa aplikasyon ng suportang pagbawas.
Bilang resulta, maaaring mangyari ang pag-utang sa bangko. Ang sobra sa halaga ng utang ay dapat ibalik.

## 5 Pamamaraan ng Aplikasyon

Tingnan [Apendise] para sa mga detalye ng pagproseso mula sa aplikasyon ng umuutang.

| | |
|---|---|
| **Kinakailangang mga dokumento** | ① **Papel ng Aplikasyon sa Reserbang Iskolarsip**<br>② **Katibayan ng kita ng tagapag-alaga**<br>(Pakisuyong sumangguni sa mga halimbawa na nasa likurang bahagi ng Papel C na Aplikasyon at Papel A na Aplikasyon bago isumite ang mga papel.)<br>③ **Sertipiko ng paninirahan para sa estudyante at ng tagapag-alaga**<br>(Pakisuyong suriin ang talaan, "[Mahalaga] Mga Talaan ng Pagsusumiteng Sertipiko ng Paninirahan" sa likurang bahagi ng Papel C na Aplikasyon bago isumite ang papel.)<br>④ **Kopya ng passbook o kard ng pera ng estudyante, atbp.**<br>(Pakisuyong sumangguni sa Papel B ng Aplikasyon at ang halimbawa na nasa likurang bahagi nito bago isumite ang papel.)<br>*** Ang hindi kompleto o maling mga dokumento ay hindi tatanggapin!**<br>*** Kung ang mga adres sa papel ng aplikasyon ay naiiba sa adres sa sertipiko ng paninirahan, dapat magsumite ng pahayag sa kalagayan!** |
| **Panahon ng Paghahain** | **Ang huling araw at oras ay nakatalaga sa kasalukuyang estudyante (o dati) junior hayskul (seguraduhing sundin ang huling araw at oras )**<br>**[Huling araw o oras sa pagsusumite ng Paaralan (Buwan at Petsa)]** |
| **Kung saan isusumite** | **Ang kasalukuyang aplikante (o dati) junior hayskul** |

## 6 Pagpapasiya sa Inaasahang Tatanggap ng Pautang

Ang aplikante ay aabisuhan sa desisyon sa pagtanggap/pagtanggi ng pautang (ang estudyante) sa pamamagitan ng punong-guro ng paaralan sa unang bahagi ng Disyembre.
Ang natanggap na aplikante (mula rito ay tinutukoy bilang "inaasahang tatanggap ng pautang") ay mabibigyan ng abiso ng Pagpapasiya sa Inaasahang Tatanggap ng Pautang ng Oosakafu Ikueikai para sa Reserbang Iskolarsip sa pamamagitan ng punong-guro ng paaralan.

[Mga Detalye ng Abiso sa Mga Nakapasang Aplikante]

| Halaga ng Pagtataya ng Kita | Detalye ng Abiso |
|---|---|
| Mas mababa sa ¥251,100 | Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarship at Pautang na Iskolarship Posible ang dalawa |
| ¥251,100 o higit<br>Mas mababa sa ¥347,100 | Ang Pautang na Iskolarship lang ang magagamit (Ang Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip ay hindi tinatanggap) |

## 7 Pag-isyu ng mga dokumento para sa mga pamamaraan ng Pautang

Mga dokumento sa pag-utang, kasama ang sertipiko ng pag-utang, ay ipapadala sa inaasahang tatanggap ng utang sa pamamagitan ng paaralan sa huling bahagi ng Enero 2025.
(*Pakisuyong alalahanin kung kailan matatanggap ang mga dokumento, kasama ang sertipiko ng pag-utang at seguraduhing makuha ang mga ito mula sa paaralan.)

## 8 Aplikasyon sa Pamamaraan ng Pautang

Ang sumusunod na mga pamamaraan ay kinakailangan sa pagtanggap ng pautang. Kung hindi kinompleto ng aplikante ang mga pamamaraan sa loob ng panahon ng pagsusumite, ang aplikante ay itinuring na tumanggi sa pautang. (Ang aplikante ay hindi magiging karapat-dapat para sa pautang.)
Ang aplikante ay dapat na mag-aplay para sa parehong pagpapatala ng karagdagan at iskolarsip na pautang. Hindi posible na makatanggap ng parehong pautang sa pamamagitan ng isa sa dalawang pamamaraan.
Ipapaalam sa aplikante ang mga pamamaraan nang detalyado kapag ang mga dokumento ng pag-utang ay ibinigay.

・ Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip

| | | |
|---|---|---|
| (1) | Saan ito isusumite | **Dibisyon sa Pautang na Iskolarsip, Oosakafu Ikueikai (Pampublikong Interes na Inkorporadong Pundasyon)** |
| (2) | Mga paraan ng Pagsusumite | Pakisuyong mag-aplay sa sulat (hal., naitala sa pagtanggap ng sulat) sa Oosakafu Ikueikai.<br>(Pakisuyong huwag gumamit ng pangkaraniwang pagsulat o serbisyo sa paghahatid sa mailbox; ito ay mahahalagang mga dokumento.) |

(3) Panahon ng Pagsusumite — Sa loob ng sumusunod na panahon (matapos makumpirma ang paaralan na papasukan)

| Uri ng Aplikasyon (*) | Panahon ng Pagsusumite |
|---|---|
| Aplikasyon sa isahang pagpili (pribado) | Mula Miyerkoles, Pebrero 5, at hindi lalampas sa Miyerkoles, Pebrero 26, 2025 |
| Aplikasyon sa sabay na pagpapatala (pribado at publiko) | Mula Miyerkoles, Pebrero 26, at hindi lalampas sa Biyernes, Marso 28, 2025 |
| Publiko | |

(*) Ang uri ng aplikasyon ay matutukoy sa pamamagitan ng paraan ng aplikasyon na inilapat ng inaasahang tatanggap ng pautang sa kanilang paaralan.

**(Paalala) Walang pautang na ipagkakaloob pagkatapos ng pagtatala. Seguraduhing makumpleto ang pamamaraan sa loob ng panahon ng pagsusumite.**

(4) Kinakailangang mga dokumento
① Sertipiko ng Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip
② Sertipiko ng Rehistradong Selyo ng pinagsamang taga-garantiya (tagapag-alaga) (Dapat na orihinal na inisyu sa loob ng tatlong buwan bago ang petsa ng pagsusumite sa Oosakafu Ikueikai.)
③ Isang dokumentong nagpapatunay sa pagpasok ng aplikante (hal., isang kopya ng sertipiko ng pagpasok)

(5) Mga dapat tandaan — Kung ang aplikante ay hindi papasok sa paaralan para makadalo gaya ng nakasaad sa Sertipiko ng Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip, Ang pautang ay dapat ibalik ng may lump-sum.

・ Iskolarsip na Pautang

(1) Saan ito isusumite — **Hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante**

(2) Mga paraan ng Pagsusumite — Sa pamamagitan ng kamay o ang paraan na itinalaga ng hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante

(3) Panahon ng Pagsusumite — Sa unang bahagi ng Abril 2025 (sa huling ng araw at oras na itinakda ng hayskul, atbp., kung saan papasok ang aplikante)

(4) Kinakailangang mga dokumento
① Abiso sa Pagtanggap
② Sertipiko ng Pautang na Iskolarsip
③ Sertipiko ng Rehistradong Selyo ng pinagsamang taga-garantiya (tagapag-alaga) (Dapat na orihinal na inisyu sa loob ng tatlong buwan bago ang petsa ng pagsusumite sa Oosakafu Ikueikai.)

## 9 Panahon ng Pautang

・ Pagpapatala ng Karagdagang Pautang na Iskolarsip

Ibibigay ang pautang bago magpatala ang estudyante, sa kondisyong ang paaralang papasukan ng aplikante ay kumpirmado.
*Susuriin namin ang mga isinumiteng dokumento at ipoproseso ang paglilipat ng pondo sa loob ng humigit-kumulang na 10 araw matapos ang pagsusulit.

・ Pautang na Iskolarsip

Ang sumusunod na pautang ay mayroon pa habang ang estudyante ay nakatala sa hayskul, atbp.

| Panahon ng Pautang | Unang beses | Ikalawang beses | Ikatlong beses |
|---|---|---|---|
| Petsa ng Pautang | Mayo 30 | Oktubre 11 | Enero 30 |

・ Ang pag-utang ay gagawin sa pamamagitan ng paglipat sa bangko.
・ Kung ang petsa ng pag-utang ay tumapat sa araw ng walang pagnenegosyo sa institusyon ng pinansyal, ang paglilipat ay gagawin sa susunod na araw na may pagnenegosyo.
・ Sa ikalawa o ikatlong pag-utang ay maaaring makuha depende sa halaga ng uutangin.
・ Sa prinsipyo, ang pinakamataas na halaga ng uutangin kada beses ay 100,000 yen para sa mga publikong institusyon at 200,000 yen para sa mga pribadong institusyon.
・ Ang panahon ng pag-utang ay ang pinakamababang kinakailangang panahon ng pag-aaral sa nakatalang paaralan.

## 10 Pautang

1. Ang pondo ng iskolarsip ay ililipat sa akawnt ng bangko ng aplikante.
2. Bilang karapat-dapat na tatanggap ng Iskolarsip ay mapapatunayan sa pamamagitan ng paaralan sa Abril kada taon.
Base sa resulta ng pagpapatunay, ang pondo ng iskolarsip ay maaaring masuspinde o ihihinto.

3. Bawat taon ng pananalapi, ang katayuan ng kita ng tagapag-alaga ay sinusuri upang matukoy ang pinakamataas na halaga ng pautang para sa kasalukuyang taon ng pananalapi. Sa pagkumpirma, ang pondo ng iskolarsip ay maaaring masuspinde o ihihinto.
   Bilang karagdagan, kung ang pagsusuri sa katayuan ay nagreresulta sa sobrang pagkautang, ang sobrang halaga ng utang ay dapat ibalik.
4. Ang halaga ng iskolarsip na pautang (taunang halaga) ay maaaring maisasaayos kung sakaling magbago ang halaga ng pag-aaral o iba pang tulong pang-pinansyal.
   Kung ang pagbabago sa halaga ng tulong sa pag-aaral o katulad na tulong pang-pinansyal ay nagresulta sa sobrang pagkautang, ang sobrang halaga ng utang ay dapat ibalik.
5. Kung ang estudyante ay napatunayang nagpabaya sa pagbabayad ng matrikula o paggamit ng mga pondo sa iba pang mga layunin, ang mga pondo sa iskolarsip ay masususpinde o ihihinto.

## 11 Abiso ng Pagbabago

Pagkatapos ng pagpapatala, ang mga estudyante ay kinakailangag abisuhan ang Oosakafu Ikueikai sa pamamagitan ng paaralan sa anumang pagbabago sa katayuan ng pagpapatala ng estudyante, tulad ng pagpapanatili, hindi pagpasok, pag-alis, paglipat, pagbabago ng taga-garantiya, o anumang mga pagbabago sa naabisuhang impormasyon.
Ang pagkabigong pagpapaalam sa amin ng anumang mga pagbabago ay maaaring magresulta ng pagkasuspinde o paghinto sa iskolarsip na pautang.

## 12 Abiso ng kabuuang halaga ng pautang

Para sa tatanggap ng iskolarsip na pautang, kapag natapos na o hindi na ipinagpatuloy ang iskolarsip na pautang, aabisuhan ang tatanggap ng kabuuang halaga ng pautang at ang panahon ng pautang sa pamamagitan ng punong-guro ng paaralan.
Sa pagtanggap ng abiso, ang estudyante ay dapat na agad magsumite ng papel na aplikasyon para sa pagbabalik ng akaun sa Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka sa pamamagitan punong-guro ng paaralan.

## 13 Pagbabayad ng mga pondo sa Iskolarsip

Ang iskolarsip ay pautang. Dapat bayaran ang utang pagkatapos ng pagtatapos (kapag tapos na ang panahon ng pag-utang).
Tiyaking bayaran ang utang, dahil ang ibinalik na pondo ay gagamitin upang magbigay ng mga iskolarsip para sa mga estudyante sa hinaharap.

1. Ang pagbabayad ng mga pondo ng iskolarsip ay magsisimula anim na buwan pagkatapos ng pagtatapos ng estudyante, at ang tinukoy na halaga ay dapat na ilipat mula sa humiram (ang estudyante) sa kanyang akaun na ipon.
   * Maaaring wakasan ang utang para sa mga kadahilanan maliban sa pagtatapos sa pamamagitan ng pagsusumite ng abiso ng pag-alis o iba pang pagbabago ng katayuan sa pagitan ng Enero 1 at Mayo 31. Sa kasong iyon, ang pagbabayad ay magsisimula sa Oktubre sa kaparehong taon. Kung ang utang ay winakasan sa Hunyo 1 o mas huli, ang pagbabayad ay magsisimula sa Oktubre sa susunod na taon.
2. Sa prinsipyo, ang utang ay dapat bayaran ng buwanang hulugan. Ang buwanang halaga ng pagbabayad ay depende sa kabuuang halaga ng utang. (Tingnan “Halimbawa ng Pagbabalik ng Iskolarsip” sa [Apendise].)
3. Kung magiging mahirap ang pagbabayad ng utang gaya ng ipinangako dahil sa pinansiyal o iba pang kadahilanan, pakisuyong makipag-ugnayan sa Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka. Kung magpapatuloy ang delingkwente nang walang komunikasyon, ang singil sa delingkwente na 8.9% kada taon ay ipapataw sa lampas sa taning na halaga, depende sa tagal ng delingkwente. Kung ang tatanggap ay may mga pinansiyal na mapagkukunan upang bayaran ang utang ngunit nabigong gawin ito, ang institusyong ito ay maaaring walang pagpipilian kundi ang gumawa ng mga legal na hakbang, tulad ng sapilitang pagpapatupad.

## 14 Layunin ng paggamit ng personal na impormasyon, atbp.

1. Sa paghawak ng personal na impormasyon, gagawa kami ng kinakailangang hakbang upang matiyak ang maingat at naaangkop na pamamahala upang maprotektahan ang karapatan ng indibidwal at mga interes at maglaan ng wastong pangangasiwa.
2. Ang personal na impormasyon tulad ng pangalan ng tatanggap, adres, sertipiko ng pagpaparehistro ng magkasamang taga-garantiya, katayuan ng kita, akaun na ipon, at pangalan ng akaun ay gagamitin para sa pagpili ng iskolarsip, paglipat ng pondo, at pangangasiwa ng pagbabayad.
3. Maaaring mabigo ang nanghihiram na iulat ang mga pagbabago sa kanilang adres o ng pinagsamang taga-garantiya sa panahon ng pagbabayad, na maging imposibleng magpadala ng mga abiso sa pagsingil. Sa kasong iyon, hihiling ang institusyong ito ng sertipiko ng paninirahan mula sa lokal na munisipyo ng Prepektura ng Osaka at magsasagawa ng pagsisiyasat sa pagpapatunay ng adres.

## 15 Mga pag-iingat

1. Kung matuklasan na nagkaroon ng maling aplikasyon o anumang maling representasyon pagkatapos makagawa ng desisyon sa iskolarsip na pag-utang, maaaring bawiin ang desisyon sa pag-utang.
2. Kung matuklasan na ang utang ay ginamit sa hindi wasto, ang buong halaga ay dapat bayaran sa isang kabuuan.
3. Pakisuyong tandaan na ang dokumento ng aplikasyon ay hindi ibabalik sa anumang sitwasyon.
4. Kng mayroong anumang mga pagbabago sa sistema ng pagsuporta sa pondo ng paaralan o mga katulad na programa, ang programang ito ng iskolarsip na pautang ay maaari ding magbago nang naaayon.

★★★ Pakisuyong bisitahin ang website ng Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka para sa mga anunsyo at pinakabagong impormasyon.★★★

★ Ipinakilala namin ang isang sistema ng pagsuporta sa pagbabayad ng iskolarsip (kinatawang sistema ng pagbabayad)!!

Para sa pangkalahatang-ideya ng sistema, pakisuyong bisitahin ang website ng Prepekturang Iskolarsip na Pundasyon ng Osaka! ➤➤